

[http://www.courts.state.hi.us/self-help/protective\\_orders/family/about\\_filing\\_for\\_your\\_tro](http://www.courts.state.hi.us/self-help/protective_orders/family/about_filing_for_your_tro)

## About Filing for Your Temporary Restraining Order (TRO) Tungkol sa Paghahain para sa Iyong Pansamantalang Order ng Pagpigil

On Oahu, when you arrive at Circuit Court or at the Family Court, a TRO Court Officer will help you fill out the necessary petition and other forms. You may also file a petition on behalf of your children, or on behalf of a family or household member who is an incapacitated person or who is physically unable to go to the appropriate place to complete or file the petition. Sa Oahu, kapag ikaw ay darating sa Circuit Court o sa Korte para sa Pamilya, isang Opisyal ng TRO sa Korte ang tutulong sa iyo para kumpletuhin ang kinakailangang petisyon at iba pang mga pormas. Maaari ka ring maghain ng petisyon sa ngalan ng iyong mga anak, o sa ngalan ng kapamilya o miyembro ng sambahayan na isang taong may kapansanan o pisikal na walang kakayahang pumunta sa mga naaangkop na lugar upang kumpletuhin o maghain ng petisyon.

### More Details Give You Greater Protection

#### Ang Mas Maraming Detalye Ay Magbibigay Sa Iyo Ng Mas Malaking Proteksyon

Please be prepared to provide as much detail as possible. Examples of important details include:

Mangyaring maging handa sa pagbibigay ng maraming detalye hangga't maaari. Kabilang sa mahahalagang detalye ang:

- Dates of abuse or threats;  
Mga petsa ng pang-aabuso o pagbabanta;
- Description of physical abuse, psychological abuse, or threats;  
Paglalarawan ng pisikal na pang-aabuso, sikolohikal na pang-aabuso, o mga pagbabanta;
- Information about property damage;  
Impormasyon tungkol sa paninira ng ari-arian;
- Documentation, if available, about abuse, including medical and police reports; and  
Dokumentasyon, kung mayroon, tungkol sa pang-aabuso, kabilang ang mga ulat na medikal at sa pulisya; at
- Information about whether the defendant/respondent owns a gun or has threatened you with one.  
Impormasyon tungkol sa kung ang nasasakdal/inirereklamo ay nagmamamay-ari ng baril o tinakot kayo ng baril.

### Fees

#### Mga Bayarin

There is no charge to file the initial petition for a TRO.

Walang babayaran sa paghain ng unang petisyon para sa TRO.

### After the TRO is Granted

#### Matapos Maipagkaloob ang TRO

A judge will review your petition. If the TRO is granted, an [Order to Show Cause \(OSC\) hearing](#) will be calendared within 15 days. The purpose of this court hearing is to give the respondent an opportunity to respond to the Petition and for the judge to determine if the order granting you protection should be extended for a longer period of time.

Susuriin ng hukom ang iyong petisyon. Kung ipagkakaloob ang TRO, isang [pagdinig na Order to Show Cause \(OSC\)](#) ang isasakalendaryo sa loob ng 15 araw. Ang layunin ng pagdinig sa korte na ito ay upang bigyan ang inirereklamo ng pagkakataong tumugon sa Petisyon at para sa hukom na mapagpasyahan kung ang order ng pagbibigay sa iyo ng proteksyon ay dapat na palawigin para sa mas mahabang panahon.

The TRO must be personally [served on the respondent](#) before it can be enforced. Only a law enforcement officer can serve the TRO documents, unless otherwise ordered by the court.

Ang TRO ay dapat na personal na [maisilbi sa inirereklamo](#) bago ito maipatupad. Isang opisyal na tagapagpatupad ng batas lamang ang maaaring magsilbi ng mga dokumento ng TRO, maliban kung iba ang ipinag-uutos ng korte.

*Keep a copy of your TRO with you at all times and immediately report any violations to the police department by calling 911. Dalhin ang kopya ng iyong TRO sa lahat ng pagkakataon at agad na iulat ang anumang mga paglabag sa departamento ng pulisya sa pamamagitan ng pagtawag sa 911.*